# 20 lugar sa 5 barangay sa QC, isinailalim sa 14-days 'special concern lockdown'

Isinailalim ng Quezon City government sa 14 na araw na "special concern lockdown" ang 20 lugar sa limang barangay sa lungsod mula kahapon ng alas-5 ng umaga hanggang sa May 26 dahil sa mataas na bilang ng COVID-19 case.

Ang 20 lugar ay mula sa limang barangay na isinailalim sa "special concern lockdown" ay ang Brgys. Bahay Toro, Culiat, Sauyo, Batasan Hills, at Tatalon.

Ayon kay Assistant City Administrator for Operations Alberto Kimpo, ang naturang lugar ay inisyal na napili ng City Health Department (CHD) base sa resulta ng community based testing na isinagawa ng CHD Epidemiology and Surveillance Unit (ESU).

"Imbis na mag-total lockdown ng buong barangay, pagtutuunan natin ng pansin ang mga partikular na lugar sa loob ng barangay na may clustering ng mga kaso ng COVID-19, maaaring ito ay isang kalsada, block, o compound, isa rin sa titingnan natin ay ang high-density population na hindi nakakapagpractice ng tamang quarantine protocols, kung saan malaki ang posibilidad na magkahawaan, kaya kailangan din sila isama sa containment. Mula doon, higit nating paiigtingin ang community-based testing at pag-quarantine," pahayag ni Kimpo.

Tiniyak naman ni Kimpo na ang mga nakatira sa naturang mga barangay ay pagkakalooban ng ayudang pagkain at iba pang pangangailangan ng mga ito.

Kaugnay nito, nanawagan si QC Mayor Joy Belmonte sa mga residenteng nakatira sa mga apektadong lugar na makipagtulungan at makiisa sa mga ipinatutupad na hakbang ng lokal na pamahalaan para labanan ang COVID-19. (*Angie dela Cruz*)